Pangkalahatang-ideya ng Proseso ng Komunidad Hinggil sa Espesyal na Edukasyon (SECC) – Laban sa OSPI (WAC 392-172A-05040)

Sa pagtanggap ng reklamo laban sa Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI), na inaakusahan ng paglabag sa ilalim ng seksyong ito, itatalaga ng superintendente ang isang tagasiyasat sa loob ng sampung araw upang siyasatin ang reklamo.

Maaaring kabilang sa pagsisiyasat ng OSPI ang mga on-site na pagsisiyasat, panayam, at iba pang dokumentasyon kung naaangkop.

Sa pagkumpleto ng pagsisiyasat, dapat magbigay ang tagasiyasat sa superintendente ng pampublikong pagtuturo ng nakasulat na ulat sa mga resulta ng pagsisiyasat at maglalabas ng nakasulat na desisyon, kabilang ang mga natuklasan ng mga katotohanan, konklusyon, at mga dahilan para sa desisyon. Ibibigay sa nagrereklamo ang desisyon sa lalong madaling panahon ngunit hindi lalampas sa animnapung araw sa kalendaryo pagkatapos ng petsa ng pagtanggap ng naturang reklamo ng superintendente ng pampublikong pagtuturo.

Kung kinakailangan ang mga pagkilos sa pagwawasto, isasama sa desisyon ang mga hakbang sa pagwawasto na itinuturing na kinakailangan upang iwasto ang anumang paglabag. Kung kinakailangan ang mga pagkilos sa pagwawasto, isasama sa desisyon ang mga hakbang sa pagwawasto na itinuturing na kinakailangan upang iwasto ang anumang paglabag. Anumang naturang mga hakbang sa pagwawasto na itinuturing na kinakailangan ay dapat isagawa sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa petsa para sa aksyong pagwawasto, na tinutugunan sa desisyon.

Pangkalahatang-ideya ng Proseso ng Komunidad Hinggil sa Espesyal na Edukasyon (SECC) – Laban sa OSPI mula sa Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay lisensiyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution License.

Nobyembre 2024